

Republika ng Pilipinas)
Lungsod, Probinsya) S.S.
x ----- x

**SINUMPAANG SALAYSAY
UKOL SA MALUBHANG EPEKTO NG BAKUNANG COVID-19**

Paunawa: Ang Salaysay na ito ay ukol sa mga insidente ng malubhang epekto ng bakuna at/o pagkamatay ng kaanak/ malapit na mga kaibigan.

Lahat ng impormasyon na ilalagay dito ay dapat nakabatay sa personal na pagkakaalam sa pamamagitan ng personal na karanasan o personal na pagkakasaksi ng Nagsalaysay (Affiant). Huwag isama dito ang anumang impormasyon na batay lamang sa kaalaman ng ibang mga tao (Hearsay) o hindi batay sa personal na karanasan o personal na pagkakasaksi.

Ako, (Pangalan), Filipino, (Edad), (walang asawa/balo/kasal kay _____), at naninirahan sa (Address, Barangay, Lungsod, Probinsya), pagkaraang makapanumpa nang sang-ayon sa ipinag-uutos ng batas, ay nagsasalaysay:

1. Pangkalahatang Impormasyon

1. Para mas makilala ka ng magbabasa ng iyong salaysay, magbahagi ka ng kaunting personal na impormasyon. Ikaw ba ay may asawa? Ilan ang iyong anak? Mga apo? Ano ang iyong hanapbuhay? Saan ka nagtatrabaho? Gumagawa ka ba ng mabigat at pisikal na gawain (physical or manual labor), o ikaw ba ay nagtatrabaho sa opisina? Ano ang iyong katungkulan sa inyong mag-anak o pamilya? Sa inyong trabaho? Sa inyong komunidad?

2. Kalagayan ng Kalusugan Bago ang Pagbabakuna

Ano ang kalagayan ng inyong pisikal, mental, at sikolohikal na kalusugan bago kayo nagpabakuna? Ikaw ba ay malusog? Masasakitin? Mayroon ka bang “chronic diseases” o “comorbidities”? Kung oo, ano ang mga ito? Ano ang normal na sigla mo sa mga karaniwang araw? Mayroon ka bang mga pag-aalala ukol sa iyong kalusugan? Magbigay ng detalye sa abot ng makakaya.

3. Mga Detalye Ukol sa Pagbakuna

3.a. *Detalye ng Unang Dose —*

Ako ay binakunahan ng (Sinovac/ Pfizer/ AstraZeneca/ Moderna/ Sputnik/ Johnson & Johnson/ibang bakuna). Natanggap ko ang unang dose noong (buwan, petsa, taon) sa (pangalan ng LGU unit/pribadong ospital/ pampublikong ospital/ vaccination center).

3.b. *Detalye ng Pangalawan Dose — (Magbigay ng impormasyon sa bahaging ito kung nakatanggap ng pangalawang dose. May mga bakuna na “full dose” na ang iisang dose.)*

Natanggap ko ang pangalawang dose ng (Sinovac/ Pfizer/ AstraZeneca/ Moderna/ Sputnik/ Johnson & Johnson/ibang bakuna) noong (buwan, petsa, taon) sa (pangalan ng LGU unit/ pribadong ospital/ pampublikong ospital/ vaccination center).

4. Bakit ka nagpabakuna?

4. *Ipaliwanag ang (mga) dahilan kung bakit ka nagpabakuna, at isama ang mga detalye sa abot ng makakaya. Ang mga halimbawang nakalista dito ito ay ilan lamang sa mga posibleng dahilan.*

- Nagpabakuna ako dahil natakot ako na magkasakit ng COVID-19.
- Malaya kong pinili na magpabakuna, na walang namilit o namuwersa sa akin.
- Napilitan/ pinuwersa akong magpabakuna ng aking:
 - Anak
 - Magulang
 - Lolo/Lola
 - Kamag-anak
 - Boss/Amo sa trabaho
 - Lider ng simbahan/relihiyon/sekta
 - Opisyal ng Barangay
 - Iba pa
- Kinailangan kong magpabakuna dahil sa mga regulasyon na pinapayagan lamang ang mga bakunado na sumakay sa eroplano, bumiyahе, pumasok sa shopping mall, kumain sa restaurant, atbp.
- Kinailangan kong magpabakuna dahil kailangan kong bumiyahе.
- Kinailangan kong magpabakuna dahil kailangan kong maghanapbuhay.
- Kinailangan kong magpabakuna dahil (ilagay ang iba pang dahilan dito).

5. Impormasyon tungkol sa mga epekto (“side effects”) ng bakuna

5. Bago ka binakunahan, ikaw ba ay binigyan ng kaukulang payo/impormasyon tungkol sa posibleng epekto (“side effects”) ng bakuna? Magbigay ng mga detalye.

5.a. Kung OO: Nagbigay ang (Pangalan ng LGU unit/pribadong ospital/ pampublikong ospital/ vaccination center) sa akin ng payo/impormasyon tungkol sa posibleng side effects ng bakuna. Ginawa ito sa pamamagitan ng (verbal briefing/leaflets/ brochures) noong (buwan, petsa, taon). Nakalakup ang kopya ng leaflet sa affidavit na ito bilang Annex A.

5.b. Nagkaroon ba ng group briefing bago ginanap ang pagbabakuna? Kung OO, ano ang mga tinalakay sa briefing na ito? Anu-anong impormasyon ang ipinamahagi ukol sa negative side effects? Magbigay ng kaukulang detalye.

5.c. Kung HINDI: Hindi nagbigay ng anumang impormasyon ukol sa posibleng side effects ng bakuna ang (Pangalan ng LGU unit/pribadong ospital/ pampublikong ospital/ vaccination center). Walang briefing na naganap. Walang mga leaflets/brochures na ipinamahagi.

5.d. Pinapirma ba kayo ng “waiver” na hindi kayo maghahabol sa panig ng mga nagbabakuna kung sakaling makaranas kayo ng side effect?

Kung OO: Ako po ay pinapirma ng “waiver” bago ako binakunahan.

Kung HINDI: Walang pinapirma na “waiver” sa akin bago ako binakunahan.

6. Epekto ng bakuna

6. Ano ang naging epekto sa inyo ng bakuna? Nakaranas ba kayo ng serious negative side effects matapos kayong mabakunahan? (Matapos ang unang dose? Pangalawang dose? Isahang pagturok lamang na “full dose”?) Mangyaring ilahad ang inyong karanasan at isama ang kaukulang detalye sa abot ng makakaya. Maaaring mag record ng cell phone video para mas mailarawan kung ano ang inyong naramdaman/naranasan. Huwag kayong mahiyang ibahagi ang lahat ng inyong naramdaman/naranasan.

7. Paano nagbago ang buhay ninyo matapos kayong bakunahan?

7a. Anu-anong pagbabago, kung meron man, ang iyong naranasan matapos magpabakuna? Malaking pagbabago ba ito? Paki larawan at ikuwento.

7.b. Paano ninyo ikukumpara ang inyong kalusugan sa pangangatawan ngayon kumpara sa inyong kalusugan bago kayo nagpabakuna? Paki larawan at ikuwento.

7.c. Paano ninyo ikukumpara ang inyong kalusugan sa pag-iisip at kalusugang emosyonal ngayon kumpara sa iyong kalusugan bago kayo nagpabakuna? Paki larawan at ikuwento.

7.d. Naapektuhan ba ang inyong kakayahang kumita o maghanapbuhay matapos kayong bakunahan? Kung OO, paki larawan kung paano ito naapektuhan.

7.e. Anu-anong mga pagbabago sa pamumuhay ang kinailangan mong gawin dahil sa epekto ng pagpapabakuna?

7.f. Ano ang kasalukuyan mong ginagawa para sa iyong kalusugan matapos ang epekto ng pagpapabakuna?

8. Pagninilay matapos ang pagpapabakuna

8. Matapos kong maranasan ang pagpapabakuna, ang masasabi ko ay:

8.a. WALANG PAGSISISI — Hindi ko pinagsisisihan na ako ay nagpabakuna. Gagawin ko ito ulit kung kinakailangan.

8b. PAGSISISI - Pinagsisisihan ko na nagpabakuna ako. Kung maibabalik ko lang ang nakaraan, hindi ako magpapabakuna.

9. Dahilan ng Salaysay na ito

9. Ginawa ko ang Salaysay na ito nang bukal at maluwag sa aking kalooban upang magpatotoo sa lahat na ito at para sa lahat na legal na layunin na maari itong gamitin.

9.a. Ginawa ko rin ang Salaysay na ito para (*piliin ang mga karampatang talata*):

() Ipaalam sa gobyerno at sa publiko na mapanganib ang mga bakuna.

() Kumbinsihin ang gobyerno at ang publiko na dapat itigil ang lahat ng sapilitang polisiya o pamamaraan, direkta man o hindi direkta, na naglalayon ng pangkalahatang pagbabakuna (“forced/mandatory vaccination”) ng buong Pilipinas.

() Ipaalalam sa lahat, lalo na ang mga may kinauukulan, na dapat pag-isapan nang mabuti ang desisyong magpabakuna.

() Magbabala sa lahat na huwag magpadala sa anumang pamimilit, pananakot, pamumuwersa, at sapilitang polisiya o pamamaraan tungo sa “forced/mandatory” vaccination.

() Ipaalam sa lahat ang aking kuwento para hindi nila maranasan ang aking sinapit.

() *Ilagay ang iba pang dahilan.*

SA KATOTOHANAN NG LAHAT NA ITO, ako ay lumagda sa ibaba nito ngayong ika-_____ araw ng buwan ng _____, taong 2021, sa (*Barangay, City, Province*).

BUONG PANGALAN
Nagsalaysay

SUBSCRIBED AND SWORN to before me on the date and place above-mentioned, affiant exhibiting his/her (*Government ID No.*) issued on (*date*) at (*place*).

Doc. No. _____;
Page No. _____;
Book No. _____;
Series of 2021.